

Chapter One



Nangingiti si Lexi habang sinasabayan ang awitin ni Laura Branigan, ang *How Am I Supposed To Live Without You?* Kasalukuyan siyang nagmamaneho patungo sa pinapasukang ospital. Eight years ago, it was her national anthem. She was brokenhearted big time.

Minsan siyang umibig at nabigo. Natatawa siya habang inaalala kung gaano siya nabaliw sa isang lalaki. She was twenty years old back then. Bata pa at walang muwang sa larangan ng pag-ibig.

When he said goodbye, she thought the whole world exploded upon her. Masakit pala ang mabigo sa pag-ibig. Hindi niya alam kung saan mag-uumpisang bumangon. Inakala niyang hindi siya makakapagsimulang muli.

Ngunit tama ang daddy niya, walang sugat ang hindi napaghihilom ng panahon. Makalipas ang walong taon, masasabing fully recovered na si Lexi mula sa kasawian sa pag-ibig. Ang pangalan ng lalaking iyon ay paminsan-minsan pa rin sumasagi sa isip niya, ngunit wala na ang sakit.

Sa wakas ay narating niya ang pinapasukang ospital, ang *Infant Jesus Medical Center* sa Ortigas Center sa Pasig City.

Twelve hours ang shift niya ngayon. Nang makapag-clock in sa time clock machine ay kaagad siyang nagtungo sa Oncology Department ng ospital kung saan siya ay resident doctor. Ito ang bahagi ng ospital na gumagamot sa mga pasyenteng may cancer. Inabutan niyang nakasimangot ang nurse na si Monette.

“Good afternoon. Mukha yatang hindi ka masaya ngayon?” bati niya rito.

Isang pilit na ngiti ang isinukli nito sa pagbati niya. “Good afternoon, Doc,” tugon nito. “Paano ba naman kasi ay ang sungit n’ung pasyente sa Room 101. Laging nakakunot ang noo, sayang ang kaguwapuhan niya,” paliwanag nito.

“Ganoon ba? Naku, masanay ka na kasi sa mga pasyente natin. Alam mo naman na ang tao kapag may nararamdamang sakit ay nagiging masungit,” pampalubag-loob na sinabi niya rito. Sanay na si Lexi sa mga pasyenteng matatapang o masusungit. Hindi kasi biro ang magkaroon ng karamdamang cancer.

“Tama ka, Doktora. Ewan ko ba bakit umiiksi ang pasensya ko nitong mga nakalipas na araw, siguro ay nagme-menopause na ako,” biro nito saka ngumiti. “Heto nga pala ang records niya, Doc. His left testicle was removed last week by Dr. Galvez. He is here for cancer surveillance. But Dr. Galvez recommends two sessions of adjuvant

chemotherapy,” paliwanag ni Monette habang binabasa ang record na hawak.

Ang tinutukoy nitong Dr. Galvez ay isa sa consultant doctors ng department nila. Nakabakasyon ito ng apat na buwan dahil binisita nito ang anak sa Amerika.

Si Lexi ang magsasagawa ng cancer surveillance. Ito ang paraan upang alamin kung kumalat ba sa ibang bahagi ng katawan ng pasyente ang cancer cells. Ang adjuvant chemotherapy naman ay isinasagawa upang maiwasang bumalik ang cancer sa katawan ng pasyente.

Iniabot ni Monette ang hawak na record. Binasa ng dalagang doktora ang report. May testicular cancer ang pasyente, stage one. Naka-report doon kung anong treatment ang gagawin dito.

Tiningnan niya ang pangalan. Kinabahan siya sa nabasa. Lalo na nang makita niya ang date of birth ng pasyente, 17 March 1980. Miguel San Jose ang pangalan nito. Ilang tao ba ang may pangalang Miguel San Jose at may birthday na March 17?

Kinakabahang kumatok siya sa Room 101 kung saan naroon ang masungit na pasyente, gaya ng sinabi ni Monette. Kung tama ang hinala niyang kilala niya iyon, hindi kataka-takang masungit nga ito. Kahit pa noong wala itong sakit ay may pagkamasungit at seryoso na ang lalaki.

Pinihit ni Lexi ang seradura. Ganoon na lang ang kabog ng dibdib niya nang makita ang taong naghihintay sa loob. Tama ang kutob niya. Si Miguel San Jose nga ang naroroon. Ang kani-kanina lamang ay sumagi sa isip niya habang nagmamaneho papunta sa ospital na ito. Ang lalaking minsan niyang kinahumalingan at inibig! How ironic! Biglang nanumbalik sa kanya ang nakaraan...



Matapos ang palitan nila ng maiinit na halik at maalab na pagniniig ay kagyat na tumayo si Miguel mula sa pagkakadagan sa kanya. Mabilis na humaplos sa balat niya ang malamig na hanging nagmumula sa air-con.

Aren't we supposed to have pillow talk? gustong itanong ni Lexi sa binata, ngunit hindi niya nagawang isatinig ang mga katagang iyon. *Pillow talks are for lovers, people who actually love each other. Hindi ganoon ang set-up nila sa ngayon. This love was one-sided. Siya lamang ang nagmamahal.*

Naka-check in sila ni Miguel sa Cloud Nine Resort sa Antipolo City. Birthday nito ngayon. He just turned twenty-five. Gaya ng nakaugalian ay nagkikita sila kapag naka-station ito sa Sangley Point, Cavite o kaya sa Villamor Airbase sa Pasay City. Ngunit ang pagkikitang iyon ay hindi madalas. Minsan umaabot ng apat o limang buwan bago sila

muling magkita lalo pa't naa-assign ang lalaki sa iba't ibang panig ng bansa.

Mistah si Miguel ng Kuya Edward niya sa Philippine Military Academy. First Lieutenant ito gaya ng kuya niya sa Philippine Air Force. Lagi itong present sa mga family gatherings nila. Unang kita pa lamang ni Lexi sa binata ay nagka-crush na siya kaagad dito. Nang lumaon ay nakaramdam siya ng pagmamahal dito. Weird nga, dahil paano niya magiging mahal ang isang taong hindi naman ganoon kadalas makita at makasama?

At sa mga pagkakataong nakikita niya ito ay wala naman siyang lakas ng loob na makipag-usap dito. Simpleng 'hi' at 'hello' lang ang namamagitan sa kanila.

Kapag nakikita niya si Miguel ay nakakaramdam siya ng kilig. Kahit beinte años na siya ay kinikilig pa siya na parang teenager.

Matipuno ang pangangatawan nito; malalakas ang mga braso na parang kay sarap laging magpayakap at ang dibdib nito ay nakakahalinang sandalan. Matiim kung tumingin ang mga mata nito, matangos ang ilong, mapula ang mga labi at medyo pangahan ang mukha.

Sa pagkahaba-haba ng paghihintay niya ay dumating din sa wakas ang oras na nagka-solo sila ni Miguel. Isinama si Lexi ng kuya niya sa isang house party. Nakita niyang naroon din si Miguel.

Noong umpisa ay nahihiya pa siyang lumapit dito at makipag-usap, ngunit makalipas ng apat na bote ng Red Horse ay biglang lumakas ang loob niya. Alak lang pala ang kailangan niyang pampalakas ng loob.

“Miguel, ’andito ka rin pala?” patay-malisya niyang tanong dito. Nakita na ito ni Lexi kanina pa. Luminga-linga siya sa paligid na parang may hinahanap “Mag-isa ka lang?” tanong niya rito. Tiniyak niya kung wala itong kasamang girlfriend.

Kimi siya nitong nginitian. Para namang jelly na gustong malusaw ng mga tuhod niya sa pagngiti nito sa kanya.

“Isinama ka pala ng kuya mo rito,” banggit nito. Nakita niyang iginawi nito ang mga mata sa kapatid niyang kasalukuyang may kausap na magandang babae.

“Oo. Kaya lang pagkarating namin rito ay iniwan na ako. Parang walang kasama,” reklamo niya. Nang dumating kasi sila ay iniwan na siya ng kapatid at nakipagkilala sa babaeng iyon. “Mabuti nga at nakita kita. May makakausap na ako dito.”

Tumango lamang si Miguel sa sinabi niya. Muli nitong ibinalik ang tingin sa pareha. Marahil dala na rin ng tama ng Red Horse ay lakas-loob na sinabi ni Lexi ang nararamdaman dito.

“Alam mo bang crush kita?”

Kumunot ang noo ang lalaki habang nilalagok ang San Mig Light. “That word doesn’t suit you,”

sabi nito habang hinahagod siya ng tingin mula ulo hanggang paa. “Pang-teenager lang ang salitang iyon,” sarkastiko nitong sagot.

Bigla siyang na-conscious, hindi dahil sa sinabi ng kausap kundi sa paraan ng paghagod nito ng tingin sa kanya. Tumigil nang bahagya ang tingin nito sa puno ng dibdib ni Lexi. She was sporting a black low round neck top. Kitang-kita ang kaputian ng dibdib niya sa suot na itim na pantaas. Idagdag pa ang suot niyang skinny jeans na nakahapit sa kanyang balakang. Kung sa katawan pagbabasehan ay hindi na nga siya teenager. She was a fully blossomed lady.

Bago umalis ng bahay ay ilang beses siyang nagpabalik-balik sa salamin. Gusto niyang tiyakin na maganda siya ngayong gabi, lalo pa’t alam niyang bisita rin si Miguel sa party na iyon. Malalim na bilugan ang mga mata niya, matangos ang kanyang ilong at makapal ang pang-itaas na labi.

“You are certainly not a teenager,” sabi pa ni Miguel.

“Okay, I’ll rephrase it, shall I?” Humugot siya ng malalim na hininga, “I like you,” walang gatol na pag-amin niya.

Natawa ito. “I’m just like your big bro. Lilipas din ’yan,” pambabale-wala nito sa sinabi niya.

Nainis siya sa reaksyon ni Miguel. Bakit hindi siya nito sineseryoso? Mukha ba siyang nagbibiro?

Lumapit siya rito upang ibulong ang nais sabihin. “I am willing to give you my virginity, if you are up to it.”

Matiim siyang tiningnan ni Miguel. Bakas sa mukha nito ang pagkabigla. “I’m sorry but I would not take that offer, ever,” galit na tugon nito, sabay alis sa tabi niya.

Hindi na siya nagulat sa reaksyon ng binata. Alam niyang tatanggihan siya nito. Ngunit wala pang manok ang tumanggi sa palay.



Iniwasan siya ni Miguel sa buong gabi ng party na iyon. Ngunit hindi ito nakaiwas nang ma-corner ni Edward.

“Miguel, pakihatid naman si Lexi sa bahay,” pakiusap ng kuya niya rito. “Ako na ang maghahatid kay Mariel. Alam mo naman, istorbo lang si Lexi,” dagdag pa nito. Inseparable na ang kuya niya sa babaeng nakilala nito, mukhang na-love at first sight kay Mariel.

“Perfect!” Nangingiti si Lexi nang di-sinasadyang marinig ang sinabi ng kuya niya.

Pagkakataon na niyang masolo si Miguel. Yes!

“O-okay, Pare,” pilit ang sagot ni Miguel.

Halata sa mukha nito na hindi ito sang-ayon sa sinabi ng kaibigan. Tuwang-tuwa si Lexi. Gustong pumalakpak ng tainga niya. Susubukan niya itong akitin at titingnan niya kung hanggang saan ang

kontrol nito sa sarili.

Nauna nang umalis sina Edward at Mariel. Siya naman ay sumunod kay Miguel sa madilim na bahagi ng kalsada kung saan naka-park ang kotse nito.

Nang makapasok sa sasakyan ni Miguel ay kaagad niyang hinawakan sa leeg ang lalaki upang kumuyusin ng halik. She kissed him intensely. Noong una ay bantulot pa ito sa ginagawang paghalik ni Lexi. Ngunit kalaunan ay naramdaman niyang bahagya nitong ibinuka ang bibig upang salubungin ang mga halik niya.

Ang mga kamay nitong nakaharang sa pagitan nila ay kagyat na lumipat sa kanyang baywang. He responded to her kisses with slight roughness.

Hindi matukoy ng dalaga kung gusto rin ba nito ang ginagawa nila o napipilitan lang ito. Bahala na, ang importante ay natupad na rin ang pangarap niyang mahalikan ito.

Samantala, bad trip ang gabi ng binata. Ang babaeng matagal nang gustong ligawan ni Miguel ay mukhang nagkagusto sa best friend niyang si Edward. Isinama niya si Mariel sa party na iyon upang masolo, ngunit nang makita ito ng kanyang kaibigan ay hindi na nito tinantanan pa ang dalaga.

Anak ng best friend ng mommy niya si Mariel. They grew up practically together. Masaya ang pakiramdam niya kapag nakikita ito. But she saw

him like the brother that she never had.

Matagal siyang naghintay. Kabe-break lang ni Mariel sa boyfriend nito. Ang party na iyon ang ikalawang paglabas nila. Ngunit hindi niya inaasahan na eeksena si Edward. At mukha namang nabighani ang babae sa sense of humor ng huli. May pakaseryoso kasi siya. He could not crack jokes like Edward did.

Naparami tuloy ang nainom niyang alak dahil sa panibughong naramdaman nang makita ang pagtawa ni Mariel habang kausap ang kaibigan niya. Hindi alam ni Edward na gusto niya si Mariel. Malihim siya pagdating sa usaping pampuso.

Ngunit nang lapitan siya ni Lexi at walang patumanggang sabihin nito sa kanya na gusto siya nito at willing itong ibigay ang virginity sa kanya ay bigla siyang na-amuse sa sinabi ng dalaga, ngunit hindi niya iyon pinahalata.

Nakaramdam siya ng biglang pag-init ng katawan lalo pa't seksing-seksi ito sa suot na damit.

Bagkus ay ipinakita niya ritong nagalit siya sa sinabi nito. Kapatid ang turing niya kay Edward, ganoon din ang turing niya kay Lexi. Ngunit mapilit ang dalaga. Ito ang kusang humalik sa kanya. Tao lang siya. She was very good at seduction. At nadala siya sa mga halik nito....

Chapter Two



“Capt. Miguel San Jose?” tanong ni Lexi sa balbas-saradong pasyente. Parang isang taon na hindi nag-ahit ang lalaki. Ang buhok nito ay medyo dikit-dikit at tila ba hindi nakakatikim ng shampoo.

But despite being rugged, he still got the looks. Naroon pa rin ang matitiim na matang dati niyang kinabaliwan noon.

“Yes, I am, Lexi.” Bahagya siya nitong sinulyapan.

Napangiti siya sa sagot nito. “I’m glad you still know me,” sabi niya. Binigyan niya ito ng pagkatamis-tamis na ngiti.

“I have cancer, not Alzheimer’s,” sarkastiko nitong tugon. “How can I ever forget the only woman who gave me her virginity at the backseat of my car?” kasunod nitong sinabi.

Biglang namula ang mukha ni Lexi. That happened years ago, when she was young and stupid. “Can we not talk about it? I am here as your doctor. I am here to discuss the procedure we are about to take,” pagpormal ng tinig niya. Mabuti na lamang at sila lang dalawa ang nasa silid na iyon.

“Whatever...” sabi nito. Naramdaman niya ang

bahagyang inis sa boses ng lalaki.

Ipinaliwanag niya sa kausap ang cancer surveillance na isasagawa nila. Habang ginagawa nila ang procedure ay hindi maipinta ang mukha ni Miguel. She knew that he was not in pain. Natanggal na ang cancerous testicles nito. Preventive measures na lang ang ginagawa nila para matiyak na naalis na lahat ng cancer cells at masigurong hindi na babalik pa. Galit ang nakikita niya sa mukha ng kaharap.

“Don’t you find it weird, sa dinami-dami ng parte ng katawan kong tutubuan ng cancer cells ay dito pa,” sabi nito, sabay turo sa pundilyo ng pantalong suot.

“Well, what can I say? That’s cancer. It can grow when and where it wants,” sagot na lang ni Lexi. *I want to give comfort and relief to this man, but how?* naisalooob niya.

Mukhang malaki ang galit nito sa mundo na lahat ng comfort at pang-aalo rito ay tiyak na tatanggihan nito. Natural reaction ng mga taong may karamdaman.

“I have tried my best not to play around with girls. Hindi ako playboy. I don’t deserve this karma,” galit nitong pahayag.

But you did hurt me. Gusto sana niyang ipaalala kay Miguel ang sakit na idinulot nito sa kanya, ngunit pinigilan niya ang sarili. Hindi na dapat

balikan kung ano ang nakaraan na. One more thing, she was on duty. Hindi dapat hinahaluan ng personal na bagay ang trabaho.

“Kumusta na nga pala ang kuya mo?” tanong nito sa kanya.

“Major na siya sa *Philippine Air Force*. Nakabase sila ni Mariel sa Pampanga ngayon. May isa silang anak, si Sophie,” balita niya.

“Good.” Ipinikit ng binata ang mga mata. Bakas sa mukha nito ang pagod.

“We need you to come back here on the twenty-third of September for your first chemotherapy,” paalala niya.

“If you say so.”

Nagpaalam siya rito. Naawa siya kay Miguel. Wala na ang tikas ng katawan nito. Hapis ang mukha at pumayat ito dala ng pagkakasakit. Karamihan sa unang sintomas ng cancer ay ang kagyat na pagbaba ng timbang. Mabuti nga at naagapan kaagad ang cancer na tumubo sa lalaki.

Sigurado siyang makakaalpas si Miguel sa sakit na ito. Ang susunod na kailangan nito ay session sa isang psychologist lalo pa’t tinanggalan ito ng isang bahagi ng katawan, ang bahaging sumisimbolo sa pagkalalaki nito.

Ngayon pa lang ay nararamdaman na niya ang depression na bumabalot sa katauhan ng lalaki. Gusto niya itong yakapin nang mahigpit, ngunit

pinangibabaw niya ang kontrol sa sarili. She didn't want another rejection. Maligaya na siya ngayon sa piling ng boyfriend niyang si Daniel.



Bahagyang gumaan ang pakiramdam ni Miguel nang makita si Lexi. Nakita niya sa mga mata nito ang concern sa kanya. Wala sa hinagap niyang muling magkukrus ang landas nila. Halos walong taon na rin ang nakaraan nang huli silang magkita nito. It was the day when he said goodbye to her.

Halos walang patid ang pagtulo ng luha ni Lexi nang sabihin niyang iyon na ang huling pagkikita nila. He could not do casual sex anymore. It was not fair to Lexi. Ibinigay nito ang sarili sa kanya nang gabing ipinakiutos ni Edward na ihatid ito mula sa party na dinaluhan nila. It was temporary insanity. Nadala siya sa mga halik ni Lexi. Ngunit ang gabing iyon ay nasundan pa ng ilang patagong pagkikita.

“I know you don't like me yet, but you will someday. Let us enjoy each other for the time being. Just casual sex, no strings attached. I just want to know you more and you to know me more,” sabi nito sa kanya. *“Who knows someday, you will like me, if not love me?”* dagdag pa nito.

Sino si Miguel para tumanggi sa ganoong alok? Lalo pa't nainis siyang napunta si Mariel kay Edward. He needed a distraction. At nakita niya

ang oportunidad na iyon kay Lexi.

Kaya kung may pagkakataon lang ay nagkikita sila ng babae. Ngunit makalipas ang dalawang taon ay naghiwalay sina Mariel at Edward. Nakasilip siya ng pagkakataong mapalapit muli sa dalagang napusuan.

It was then that he decided to say goodbye to Lexi.



Mag-a-alas-nueve ng gabi nang puntahan ni Daniel si Lexi sa ospital upang mag-dinner. Tinungo nila ang restaurant sa tapat ng ospital dahil isang oras lamang ang breaktime niya.

Bago pa lamang silang magnobyong ni Daniel. Halos magtatatlong buwan pa lamang ang kanilang relasyon. Product manager ito sa *Pfizer*. Nagkakilala sila nang mag-promote ito ng bagong gamot sa departamento nila. Halos anim na buwan siya nitong niligawan bago siya napasagot.

Hindi naman maitatangging guwapo ito. May lahing Chinese ang binata kaya tsinito ang mga mata, maputi at matangkad. Ngunit bukod sa panlabas na katangian nito, mas binibigyang timbang niya ang pagiging mabait at pasensyoso ng nobyo sa kanya.

“How’s your day?” tanong nito nang nakaupo na sila sa napiling mesa habang naghihintay sila ng in-order nilang pagkain.

“It is okay,” maikli niyang sagot. Paano ba niya sasabihin ditong nakita niya kanina ang lalaking kinahumalingan niya nang mahabang panahon?

Na naiisip niya si Miguel habang kaharap ang nobyong si Daniel? She was still in shock to see the former as her patient. Lalo na ang hitsura nito ngayon. To her, Miguel looked so down and broken. Awa ang humaplos sa puso niya para rito.

“You don’t look okay to me. May dinaramdam ka ba?” tanong muli ng katipan.

Pilit na ngiti ang ibinigay ni Lexi rito. “I am fine. Pagod lang ako,” pagsisinungaling niya.

Nainis siya sa sarili. She shouldn’t be feeling this way. Nasaktan siya sa nangyari sa kanila ni Miguel. Bakit ba kasi kailangan pa niyang makita itong muli?



Nang ihatid siya ni Daniel matapos ang hapunan nila ay tinungo ni Lexi ang record section ng ospital upang kunin ang patient file ni Miguel.

Nabasa niyang sa isang townhouse sa Quezon City ang kasalukuyan nitong address. Commercial pilot ito ng *Emirates Airline* na nakabase sa Dubai, United Arab Emirates.

Dalawang linggo matapos sabihin ni Miguel sa kanya na iyon na ang huli nilang pagkikita ay nabalitaan niya mula sa kanyang kuya na nag-resign na ito sa *Philippine Air Force*.

Hindi alam ni Edward kung saan pumunta ang kaibigan nito. Basta bigla na lamang itong naglaho.

“Honestly, may mahal akong iba,” naalala niyang sinabi sa kanya noon ni Miguel. Sinabi pa nitong iyon na ang huli nilang pagtatagpo. Lexi was shattered. How could they make passionate love together, yet he loved somebody else?

Dalawang taon na silang may sexual affair ni Miguel. Umasa siyang matututunan siya nitong mahal. Sa tingin naman niya ay hindi siya nagkulang sa pagpapakita niyon sa binata.

“I think this is the end for us. I am sorry.”
Malungkot ito nang sabihin iyon.

Walang namutawing salita sa bibig ni Lexi. Sumugal siya sa set-up na ito. Hindi niya kayang sumbatan si Miguel. It was she who insisted on this type of relationship.

Nang ihatid siya ng binata matapos ang pamamaalam nito ay hindi na niya ito muli pang nakita. She was not even able to ask him who was this woman he loved.

He was still single, according to his hospital records. Kung gayon ay hindi nito nakatuluyan ang babaeng tinukoy nitong mahal nito. What happened?

Paano at bakit naging ganito ang kinahantungan ni Miguel?

Chapter Three



Pupungas-pungas siyang bumangon mula sa kama. Kaagad niyang naramdaman ang sakit ng ulo dala ng hangover. Hindi na niya nabilang pa kung ilang lata ng beer ang nainom niya. He knew he passed out from drinking.

Mabilis na tinungo ni Miguel ang medicine cabinet sa bathroom ng silid niya. Dalawang paracetamol kaagad ang kanyang ininom.

Mag-a-alas-doce na nang tanghali, nakaramdam siya ng gutom. Lumabas siya ng kuwarto upang tingnan sa refrigerator kung may mailuluto siyang pagkain. Ngunit tanging alak ang laman ng fridge niya. Nakita niyang may natirang dalawang hiwa ng pizza mula sa hapunan niya nang nakaraang gabi. Tangan ang mainit na tasa ng kape ay nilantakan niya ang pizza.

Sanay na siyang takeout food ang kinakain. Wala siyang asawang magluluto para sa kanya. Halos mag-aapat na buwan na rin siyang namamalagi rito sa Manila. Pitong taon ang inilagi niya sa Dubai bilang piloto ng *Emirates Airline*. Ngayon ay naka-indefinite leave siya. Pinababalik si Miguel ng kompanya kapag maayos na ang kalusugan niya.

Ang kanyang mga magulang at isang kapatid ay nasa Toronto, Canada. Hindi niya ipinaalam sa mga ito ang kondisyon niya. Ayaw niyang mag-alala ang kanyang pamilya.

“Ma, magbabakasyon lang muna ako sa Pilipinas. Wala akong byahe kaya hindi ako makakadaan diyan,” paalam niya sa ina. Kapag may flight siya sa Toronto ay sumasaglit siya upang bisitahin ang mga ito. Isang nurse doon ang kanyang nakatatandang kapatid, si Amy. Mayroon itong asawang Canadian doctor. Pinetisyon nito ang mga magulang niya.

“O sige, Anak. Mag-ingat ka parati. Saan ka ba tutuloy? Sa bahay mo sa Quezon City o sa bahay natin sa Baguio?” tanong ng ginang.

“Sa QC. Huwag kayong mag-alala. I’ll stay away from trouble,” biro niya.

Natawa ito. “Alam ko naman, Anak, na good boy ka. Tatal habang nasa Maynila ka, bakit kaya hindi ka maghanap ng mapapangasawa? Aba, tumatanda ka na,” pagpapaalala nito.

“Sige, Ma, maghahanap ako,” sabi niya na lang dito.

Ang totoo, magpapagamot siya at hindi maghahanap ng mapapangasawa. He was diagnosed with stage one testicular cancer.

At the age of thirty-five, he was still single. He had strings of girlfriends in Dubai, but no one

ended up with him at the altar. Hindi niya alam kung bakit. Siguro ay may katangian pa siyang hindi nahahanap sa mga nakarelasyon niya.

Si Mariel sana ang gusto niya. But she ended with Edward. Perhaps it was their destiny. She was not meant for him. Eight years ago ay nag-break sina Edward at Mariel. Sinubukan niyang makipaglapit sa babae, ngunit naramdaman niyang ang kaibigan niya ang mahal nito. Mariel cried incessantly on his shoulder, only wanting Edward. Gusto pa siya nitong kasangkapanin upang magkabalikan sila ng kapatid ni Lexi.

That's when he realized that life is ironic. Lexi loved him, but he loved Mariel who loved Edward. Bakit kaya hindi na lang niya naturuan ang puso na ibaling ang pagmamahal kay Lexi? She had loved him so much. Ibinigay nito ang sarili sa kanya nang walang pinanghahawakang relasyon. Noong mga panahon na iyon ay guilt ang naramdaman ni Miguel. Ginamit niya ang dalaga at parang basahan na itinaon ito. Nahihiya siya rito. Sana ay hindi na lang niya ito pinaasa.

Dala na rin ng samu't saring problema sa trabaho at buhay pag-ibig, ipinasya niyang lumayo. Hindi rin naman siya masaya sa nakikitang corruption sa *Philippine Air Force*, kaya humingi siya ng honorable discharge upang makaalis sa military service.

Nagpunta siya sa Los Angeles, California upang mag-train bilang piloto ng commercial jet. Nang makalikom ng sapat na flying hours ay nag-apply siya sa Dubai and the rest was history.

Now, he was back in Manila. Ironic talaga ang buhay; ang babaeng sinaktan niya walong taon na ang nagdaan ay ito pa ang tumutulong sa kanya ngayon. Sadya talagang mapaglaro ang tadhana.



Gusgusin ang hitsura ni Miguel nang dumating ito sa clinic niya. Inis ang naramdaman ni Lexi. She had a lot of patients who remained gracious and smart despite having cancer. Taliwas sa anyo ni Miguel ngayon.

Mukhang isang linggo na ang balbas at bigote nitong hindi naaahit. Mahaba at unruly ang buhok na mukhang hindi nakakatikim ng suklay. Ang suot na polo ay gusot at mukhang ilang araw na nitong suot. Ngumiti ito sa kanya na hindi niya ginantihan. Nalanghap niya ang amoy alak nitong damit. If she was right, this man was drunk.

Naka-schedule ito para sa first session ng chemotherapy nito.

“How are you?” ang pambungad na tanong niya rito.

Miguel just shrugged his shoulder. “I’m okay,” wika nito.

“Pagpasok mo ay naamoy kong amoy alak ka.

Have you been drinking?” pormal na usisa niya.

“Yes, I did.”

“Bakit ka uminom? We cannot proceed with your chemo if you are drunk. Dapat ay alam mo iyan,” seryoso niyang sabi.

“Sorry. I have lost track of time,” paumanhin ng binata, ngunit hindi niya maramdaman ang sinseridad sa apology nito.

“Then, we have to reschedule your session. There shouldn’t be traces of alcohol in your system.”

“As you say,” kibit-balikat nitong tugon.

Lumalabas na naman ang pagkamasungit ng kausap, ngunit hindi na lamang iyon pinatulan ni Lexi.

“I’ll see you again next week, same time.” Iniabot niya ang printout ng appointment nito mula sa computer. “I-set mo sa mobile phone mo ang schedule na ito para hindi mo makalimutan,” habilin pa niya.

Tumango lamang ito. “Yes, Mother,” nakangisi nitong sagot.

Hindi na napigilan ni Lexi na tanungin ito. “Why are you drinking? Makakasama sa katawan mo iyan. Your body is still healing.”

Tumayo ito. “Drinking is my version of healing my body and mind. Otherwise, I’ll go crazy,” sagot ng lalaki. “See you next week.” Nailing

na sinundan ng tingin ni Lexi ang papalayong si Miguel.



“Guess what?” tanong niya kay Edward nang pagbuksan siya nito ng pinto. Naisipan niyang dalawin ang kanyang kapatid. Matagal na rin naman niyang hindi nakikita ang pamangkin na si Sophie.

Isang nakakalokong ngiti ang ibinigay sa kanya ng kuya niya. “You are getting married? Finally?”

Napatawa si Lexi sa tinuran ng kapatid. Alam nitong hindi pa siya seryoso kay Daniel para magpakasal dito. “Nope,” iling niya.

“You have been promoted?” sabat ni Mariel. Narinig nito mula sa kusina ang tanong niya. Kalong nito sa kabilang baywang ang limang taong gulang na anak na si Sophie.

“Nope,” sagot niya. “Hi, Sophie,” baling niya sa pamangkin. “Look what Tita brought you.” Inilabas ni Lexi mula sa dalang bag ang isang *Barbie* doll. “For your collection.”

Nagningning ang mga mata ng paslit nang abutin nito mula sa kanya ang manyika. Niyakap siya nito at hinalikan sa pisngi. Kinuha niya mula kay Mariel si Sophie at kiniliti ito sa leeg.

“Thank you, Tita Lexi. I miss you,” sabi pa nito.

“I miss you more,” sagot niya. “Kaya nga kahit malayong mag-drive dito sa Clark, eh, pumupunta

ako dito.” Tinungo niya ang sofa upang umupo.

“Ano’ng balita?” ani Edward sa kanya.

“I found Miguel San Jose,” maikling sagot niya.

Nabanaag niya sa mga mata ng mag-asawa ang pagkasabik na makabalita tungkol sa kaibigan nilang si Miguel.

“Kumusta na ang mokong na iyon? Ang tagal niyang hindi nagparamdam,” saad ng kuya niya.

Malungkot niyang ibinalita rito ang detalye ng pagkikita nila. “He got cancer. Pasyente ko siya sa hospital.”

Biglang nawala ang ngiti ng mag-asawa. “Ha? What type of cancer?” tanong kaagad ni Mariel.

“He has stage one testicular cancer. His left testicle was removed. Kailangan na lang niya ng chemotherapy para ma-ensure na natanggal na lahat ng cancer cells,” paliwanag niya.

“How sad...” Hindi ito makapaniwalang iyon ang sinapit ng kaibigan.

“Well, I would really like to see him, Lexi. He is a dear friend to me. Kung hindi dahil sa kanya, hindi ko makikilala si Mariel,” sabi ng kapatid.

Sumang-ayon naman ang hipag niya. “We can meet up in Manila. You can arrange for us, Lexi,” suhestiyon nito.

Tumango ang dalaga. That would be a nice idea. Para naman kahit papaano ay maibsan ang kalungkutang nakita ni Lexi sa mga mata ni Miguel

nang huli niya itong makita. But would he want to meet up with his friends?

“I’ll see what I can do. Miguel is a recluse at the moment. Mukhang depressed dahil sa sakit. Which is, of course, natural to those who are suffering the disease. Tingnan natin,” nasabi na lang niya.

Ibinaling na ni Lexi ang usapan tungkol kay Sophie. Ayaw na muna niyang pag-usapan pa si Miguel. Para kasing bumibigat ang kalooban niya kapag napag-uusapan ang sakit nito. It was pity. Ayaw niyang ipagkamaling may natitira pang pagmamahal sa puso niya para sa lalaki. It was such a long time ago.



Nang makaalis si Lexi ay hindi maiwasang maisip ni Edward ang kaibigang si Miguel. Nilisan nito ang *Philippine Air Force* nang hindi man lang nagpaalam sa kanya. Nakadestino kasi siya noon sa Mindanao nang umalis ito.

Alam niyang may namagitan kina Miguel at Lexi. Sinundan niya ang kanyang kapatid nang minsang lumabas ito nang dis-oras ng gabi. Nakita niyang sinundo ito ni Miguel sa carpark ng isang restaurant sa Pasig. They kissed passionately in his car. Sinundan niya ang mga ito hanggang sa kung saan nagpalipas ng gabi ang dalawa.

He trusted Miguel. Alam niyang hindi babaero ang kaibigan. Wala siyang alam na dine-date nito.

Masyado itong malihim. Kung hindi niya sinundan si Lexi ay hindi pa niya malalaman na ang kapatid pala ang nobya ng kaibigan.

But when he came back from his assignment in Mindanao, Lexi was in a terrible state. He could tell that she was brokenhearted. Wala si Miguel. He left without even saying goodbye to him.

Wala naman siyang lakas ng loob na tanungin si Lexi. Ano ba ang pinag-awayan nila ni Miguel at umalis ang lalaki? Nasaksihan niya kung paano nagmukmok ang kapatid sa kuwarto at ilang beses din niya itong naririnig na umiiyak. Pero ang lahat ay lumilipas. Nang maka-recover mula sa heartache ay nagpasya si Lexi na mag-aral muli at ituloy ang kurso sa Medisina.

He thought she had been traumatized badly. Wala siyang nabalitaang naging nobyo nito matapos ang relasyon nito kay Miguel. Kailan lang nito sinagot ang nobyong si Daniel, halos tatlong buwan pa lamang ang nakararaan. Kung hindi pa ito napilitan dahil sa kauudyok ng mga magulang nila ay hindi nito sasagutin ang panliligaw ng binata.

But now Miguel was back. Kung siya lang din naman ang tatanungin ay gusto niyang si Miguel ang makatuluyan ni Lexi. The man was like a blood brother to him. Mas mapapanatag ang kalooban niya kung ang kanyang kaibigan ang

makakatuluyan ng kapatid.



Lumipas ang maghapon nang hindi sumipot si Miguel sa appointment nito. Naka-off ang cellphone nito nang tangkain itong tawagan ni Lexi. Baka nakalimutan nito ang schedule ng chemotherapy.

Nag-aalala siya. Ano kaya ang nangyari rito? Muli niyang tinawagan ang numero ngunit nanatiling naka-off ang cellphone.

“Are you ready?” tanong ni Daniel na naghihintay sa clinic niya. Sinundo siya ng nobyo dahil magdi-dinner sila sa bahay nito. Ipagluluto raw siya nito ng paella.

“Let’s go,” sabi niya. Ibinalik niyang muli ang cellphone sa bag. Alam niyang malabong makausap pa niya si Miguel.

Masarap ang paella na niluto ni Daniel. Nang matapos kumain ay binigyan siya nito ng ikatlong baso ng alak. Sinimsim niya ito. Nag-init na ang pakiramdam niya.

“Thank you for that wonderful dinner, Daniel. You are so sweet,” nakangiting turan niya rito.

Tinabihan siya ng nobyo sa sofa. Inilapit nito ang bibig sa tainga niya. “Anything for you,” bulong nito. Kinabig ni Daniel ang mukha niya paharap dito. Bumaba ang bibig nito sa mga labi niya at isang malalim na halik ang ibinigay sa kanya.

Dala na rin ng alak na nainom ay tumugon

si Lexi sa mga halik nito. Iniikot niya ang mga kamay sa batok nito upang palalim ang kanilang paghahalikan. His tongue was sensually kissing her. Ang kamay nito ay nakahawak sa baywang niya. She could feel the heat of his body. Nang idako ng kasintahan ang mga labi nito sa kanyang leeg ay biglang pumasok sa isip niya ang hapis na mukha ni Miguel.

“Shit!” bulalas niya.

Biglang napatigil si Daniel sa paghalik sa kanyang leeg. mababanaag sa mukha nito ang pagtataka.

“I’m sorry...” paumanhin niya.

“W-what made you say that?” tanong nito.

Wala siyang mahagilap na isasagot dito.

Paano ba niyang ipapaliwanag na bigla niyang naisip ang lalaking dati niyang kinahumalingan?

“I just remembered, it is my time of the month,” paliwanag niya. “I am sorry. We can’t do what we both have in mind,” pagsisinungaling niya.

“It’s okay, Honey.” He smiled at her. “We can do it some other time, when you are ready.”

Nakaramdam siya ng awa rito. Daniel had been so patient with her. Ilang beses at ilang rason na rin ba ang ibinigay ni Lexi sa katipan upang iwasan lang na maging intimate dito? She was not yet ready to give herself to Daniel. Kung kailan nadala siya ng init ng alak at handa na sanang ibigay ang

sarili sa binata ay saka naman biglang pumasok sa isip niya si Miguel. It caused her to swear and ruin the moment.

Bakit ba kasi hindi ito sumipot sa chemotherapy nito? Nag-alala siya. Gusto ba ng lalaki na huwag nang ituloy ang treatment at bale-walain na lang ang kondisyon nito?

“I’ll drop you back to the hospital,” alok ni Daniel. Iniabot nito ang susi ng kotse. Nakaparada sa parking lot ng ospital ang kotse niya. Tinanggihan ni Lexi ang alok ng nobyo.

“I’ll take the taxi. Alam kong pagod ka. You better rest. I’ll be all right,” saad niya. Hindi na niya ito binigyan pa ng pagkakataong makasagot.

Mabilis na kinuha ni Lexi ang kanyang bag. She gave Daniel a light goodbye kiss on his lips. “Good night,” paalam niya rito. She felt odd. The kiss felt like a goodbye kiss forever.

Nang makalabas sa condominium na iyon sa Makati ay saktong may isang taxi na nagbaba ng pasahero. Sumakay siya roon.

“Mamang Driver, sa Project 6 po tayo.” She has to see him. She had to deal with this man who haunted her mind. She wanted to set the record straight.